# Para makaiwas ang inyong anak sa panunukso



**Ihahabili namin sa inyo ang opinion at payo ng mga eksperto**

**Marami ang usap-usap tungkol sa panunukso dito sa Japan. Matuto sa mga payo para makaiwas ang iyong anak sa mga ganitong sitwasyon.**

## ■Ugaliin ang araw-araw na pakikipag-usap sa inyong anak！

**Payo１** Kung mukhang may iniisip o inaalala ang iyong anak, huwag hayaang sarilihin niya ito. Himukin na ibahagi ito sa inyo bilang magulang, mga kapatid at mga guro. Ituro na hindi kahinaan ang paghingi ng tulong sa problemang hinaharap.

**Payo２** Huwag hayaang maging sunud sunuran ang iyong anak sa mga kaibigan. Turuang pag-aralan mabuti ang isang bagay bago gumawa ng desisyon.

**Payo 3** Kapag may masamang nangyari sa tinuksong bata, malaking pagsisisi ang nararamdaman ng mga hindi kumibo. Ang hindi pagkibo ay isa ring pagsang-ayon sa panunukso. Para maiwasan ito, turuan ang iyong anak na maging matatag sa pagsasabi kung may nakikitang panunukso sa mga kaibigan.

**Payo４** Karaniwan, tinutukso ng malakas ang mahina. Maliban kung mas malakas ang ibang bata sa nanunukso, ang mahina ay mahirap tulungan. Turuang maging matatag sa kabila ng panunukso. Maaaring maging mahina sa umpisa, subalit sa kinalaonan ay matututunan ding maging matatag at malakas.

**Payo ５** Kadalasan, ang mga batang may karanasan sa panunukso ay lumalaking mababait. Kausapin ang anak na laging magsabi sakaling makaranas ng panunukso. Ang panunukso ay hindi lamang nangyayari sa eskwelahan kundi maging sa trabaho at sosyedad.

**Payo ６** Madalas, ang panunukso ay hindi isa laban sa isa. Ito ay isa laban sa marami o grupo. Bayaang makipagkaibigan ang iyong anak at ang mga kaibigang ito ang tutulong sa kanya sa gitna ng panunukso.

**Payo７** Mahirap sabihin sa ibang tao ang nararanasang panunukso, hindi rin madali kumunsulta. Sa ganitong sitwasyon, may nakausap akong DJ ng radyo at nabuhayan mga ako ng loob. Ipaalam sa anak na kahit mga di kilalang tao ay handang tumulong.

**Payo８** Ang panunukso ay tinuturing na krimen. Katulad ito ng pananakot o karahasan . Ipabatid sa bata na hindi lang ang nanunukso kundi pati ang nagmamasid ay may sala. Sila ay kasabwat sa krimen. Dapat ay magkaisa para labanan ang panunukso.

**Payo９** Ang panunukso ay nakakapanghina ng loob, kaya't ang tinutuksong bata ay makabubuting lumayo muna sa paaralan, 1 semestre o isang taon. Sinasamantala nila ang kahinaan ng isang tao. Hindi pababayaan ng eskuwelahan ang ganitong sitwasyon, lalabas din ang totoo. Maging maunawain at tagataguyod ng inyong anak.

**Payo１０** Ang batang malakas ang loob ay hindi nanunukso dahil sya ay may tiwala sa kanyang sarili at kakayahan. Bilang mga magulang alalayan natin ang ating mga anak upang sila ay magkaroon ng lakas ng loob at tiwala sa kanilang sarili at kakayahan.

## Uri ng bakuna para sa polio ay nagbago ganun din ang paraan ng pagbabakuna



Para makaiwas sa malalang sakit ng polio dati, nagpapabakuna ng oral vaccination. Pero ngayon ito ay mapapalitan ng inactivated polio vaccine. Ang oral polio vaccine (2 beses) ay iniinom. Ang inactivated polio vaccine ay injection.

Regular na bakuna para sa polio ay 4 na bakuna (3 beses sa una at isa na panghuling bakuna).

Sino：Mga batang may edad mula 3 ~ 12 na buwan .

Unang 3 bakuna (may 20 araw na pagitan) at 1 na panghuling bakuna (paglipas ng 6 na buwan matapos ang unang 3 bakuna). Kung hindi nagpa bakuna sa takdang edad, maaari pa ring magpabakuna hanggang 90 buwan (7 taon at 6 na buwan).

Para sa detalye, tumawag sa **City Health Center 049-252-3771**

## Medikal chekup sa mga batang papasok sa elementarya sa darating na Abril

Ang Fujimi-Shi, Fujimino-Shi at Miyoshi-Machi ay magbibigay ng medikal chekup sa mga batang papasok sa elementarya sa darating na Abril (ipinanganak sa pagitan ng Abril 2, 2006 at Abril 1, 2007).

Ang notisya ng checkup ay pinadala sa mga bata ng Setyembre. Samahan ang anak sa eskuwelahan. Ito ay ipapatupad sa Oktubre, subalit iba-ibang araw ang iskedyul sa bawat eskuwelahan. Pumunta matapos makumpirma ang notisya.

## May kakilala kang marunong magsalin ng Nihonggo sa kanyang sariling wika?

Ang FICEC ay nagsasagawa ng mga aktibidades para maging kaaya aya ang araw-araw na pamumuhay ng mga dayuhang residente. Ang pagsalin ay isang mahalagang gawain. Kami ay naghahanap ng magsasalin ng Nihonggo sa kanyang sariling wika Kung may kakilala kayo ipagbigay alam lamang sac enter sa pamamagitan ng fax.. ★FAX 049－256－4291

＜gupitin＞

●Pangalan at nasyonalidad ng maaaring magsalin：

● Tirahan at tel. kung saan maaaring makontak at makausap:

● Wika na isasalin

## Sumakay tayo sa mini train



Sa Fujimi-shi, ang mga bata ay tuwang tuwa sa pagsakay sa mini steam engine train. Halina't sumakay din tayo at makisaya!

Ito ay libre.

Kailan: araw ng Linggo

**10/14,**

**11/11, 11/25,**

**12/9**

Oras: 10:00 am,~ ,1:00 pm~

Magtanong sa:

**Fujimi-shi kyōdō suishin-ka 049-251-2711**

## Natanggap na ninyo ang bagong health insurance card?

Ang National health insurance ay hindi lamang para sa iyo kundi sa buong pamilya. Ang bagong card ay gagamitin mula Oktubre at ipinapadala sa lahat ng kasapi sa katapusan ng Setyembre. Tingnan mabuti dahil ang lumang card ay hindi na magagamit. Sa mga kasapi na hindi pa natatanggap ang bagong card, magsadya at magtanong sa pinakamalapit na city office's Insurance at Pension Section (Hokennenkin-Ka, Kenkouhoken-Kakari)

**www.ficec.jp/living/**

●Para sa detalye：「Fujimino International Cultural Exchange Center 」049－256－4290